

Tatak TESDA: Tatak ng World-Class Manggagawang Pilipino

*Closing Remarks and Launching of TATAK TESDA Video-Making Contest
Secretary Joel Villanueva*

Muli, magandang hapon po sa inyong lahat na aktibong nakiisa at nakipagpalitan ng kaalaman at kuru-kuro sa buong maghapon ng ating Second National TechVoc Congress. Malaking tagumpay po para sa tech-voc sector ang araw na ito!

Let me share with you a story about “ATTY. X”.

“Atty. X” pretends that he is a big shot lawyer. He has a big sign in front of his big office. One day, a person went inside his office. So Atty. X rushed to pick up the phone and started to “*blah blah blah...yes, panero, no problem, we can arrange that, we can fix that...blah blah blah*”. Then he faced the guy and asked him, “*What can I do for you?*” The guy replied: “*I’m here to fix your phone!*”

Malaking hamon po para sa ating lahat ang gawing instrumento ng “inclusive growth” ang tech-voc. Matagal na panahon din pong hindi ito binigyang pansin. In the past several years, TESDA focused more sharply on its trinity of concerns: training, assessment, and certification. Today, we realized that tech-voc can be a major instrument in poverty alleviation as it has a significant role in empowering the poor and helping in economic development.

Tiyak po ako na sa pagbalik po natin sa ating mga opisina, training institutions, at mga industriya, magiging palaisipan pa rin kung ano pang mga pamamaraan ang maaari nating gawin upang makatulong sa ating mga kabayayang kulang sa kasanayan at walang maayos na trabaho.

Unlike Atty. X, we don’t pretend that we know all the solutions to this issue but thanks to your contributions, there is much progress to report in this Second Tech-Voc Congress. I also hope that this Congress gave each one of you the insights that you can use in employment creation and poverty reduction.

Ikinagagalak po natin ang pagdating ng Pangulong Aquino, kasama ng ilang kasamahan natin sa gabinete, dito sa Second TechVoc Congress. Ang kanila pong pagdalo ay paalala na ang buong gobyerno ay nagsisikap na iangat ang kalagayan ng bawat Pilipino. Layunin na ang bawat mamamayan ay maging aktibong miyembro ng lipunan at makapag-ambag sa pagpapagulong ng ating ekonomiya sa pamamagitan ng mga kasanayang swak sa pangangailangan ng ating mga industriya.

Hindi po tayo sinusuwerte lang sapagkat minimithi talaga ng ating pamahalaang ipagpatuloy ang pagyabong ng ekonomiya ng bansa. Sa susunod na mga taon, nasisiguro po na magiging “*demographic sweet spot*” ang Pilipinas sa pag-

usbong ng bilang ng mga propesyunal at skilled workforce na magbibigay-daan sa pagdagsa ng mga mamumuhunan sa bansa. Kailangan po namin kayo upang mas mabilis nating marating ang estadong ito.

(Intro to Tatak TESDA)

Naging malinaw din sa ating lahat ang dahilan kung bakit kailangan nating makalikha ng mas maraming pang world-class na mga manggagawang Pilipino. Pangunahing tungkulin po natin ang samahan sila sa pagtupad ng kanilang mga pangarap.

Iba-iba man ang antas ng kanilang kasanayan, magkakatulad man ng pinagta-trabahuhan, hindi man magkakatulad ang makinang pinapatakbo o mga kagamitang hinahawakan, bilang mga tech-voc graduates, nandito man sa Pilipinas o abroad, *we share the same proud title – “TATAK TESDA”*.

Inanyayahan ko po kayong suportahan ang **“TATAK TESDA Video-Making Contest”** bilang bahagi ng ating pagsisikap na maiangat ang antas ng tech-voc sa bansa sa pamamagitan ng mga kuwento ng tagumpay ng ating mga tech-voc graduates. **Panoorin po natin ito.**

(TATAK TESDA 5-Minutes AVP)

We can only say that growth has been inclusive when our graduates enter the world of work with confidence, when they are no longer part of the unemployment and underemployment statistics or trapped in jobs earning poverty line wages.

Our campaign mantra, **“Sa TESDA, May Choice ka”**, defines our work in expanding choices and achieving a good life for every Filipino. Hayaan po natin na ang mga kuwento ng tagumpay ng bawat isang tech-voc graduate, ng bawat **“TATAK TESDA”**, ay maging inspirasyon ng maraming kabataang Pilipino upang tangkilikin din nila ang ating mga programa.

Inaasahan ko pong hihikayatin ninyo ang inyong mga graduates na sumali sa ating **“TATAK TESDA Video-making Contest”**. Naghahanap din po kami ng mga sponsors na susuporta sa adbokasiya na ito. Ang ilan pang mga detalye ay makikita sa www.tesda.gov.ph o sa ating official Facebook page. Kung mayroon po kayong katanungan ay maaari n’yo rin pong lapitan ang mga taga-TESDA naririto ngayon sa pangunguna ni Director Marty Hernandez.

Maraming salamat po sa inyong lahat! See you all in the Third TechVoc Congress this 2014! Mabuhay and May God bless us all!

(TATAK TESDA 30-seconds Teaser)
